PROLOGUE

"Chill, Jeysi. I'm on my way."

I immediately ended the call and didn't even bother to wait for his response. Kanina pa siya nagagalit at tumatawag. I was drunk and wasted last night; which was the reason why I forgot about our appointment for today.

Palipat-lipat ang tingin ko sa kalsada at sa aking relo. Ilang minuto na lamang ang natitira ay magsisimula na ang meeting. Masyado pang mabagal ang usad ng sasakyan dahil sa traffic.

I opened my small pouch and took some of my cosmetics. I grabbed the opportunity to apply some of it to fix myself. I needed to look glamorous and presentable in front of our clients.

After a few minutes, umusad na ang trapiko, naging magaan na ang daloy ng mga sasakyan.

The security guard and some of the employees, greeted me when I arrived at Phoenix Quantum. It is one of the top leading engineering firms in

the Philippines. I smiled and greeted them back before heading straight into the conference room.

I was wearing a corporate attire—a black velvet diamanté belt blazer dress, paired with black sharp stilettos and matching jewelries to complete the look. I confidently entered the room.

Thank God they haven't started yet.

"Sorry, I'm late," I apologized as they shifted their gaze towards mine.

The smile on my lips quickly disappeared, my breathing seemed to stop for a while, and I also felt my knees shaking.

"It was nice seeing you again, Tatiana."

I saw the familiar built of a man and a woman. Ghosts that are part of my past that I never expected nor dreamed to meet again. It gave me shivers, but I still managed to compose myself.

"It was really nice seeing the two of you again, Ate." I paused for a while, then gave her my sweetest smile before shifting my gaze to the man sitting beside her. "Leo."

It seemed like they were enjoying this game, pretending that nothing happened in the past.

The sound of my stilettos echoed through the entire room. I am confident in every step I take, because I believe that confidence is the most beautiful and sexiest thing that a woman can wear.

In this little reunion of ours, I realized one

thing: Masyado akong nagmadali noon kaya ako nasaktan at nagkamali. But one thing is for sure, I won't repeat the same mistake again. No one can fool me, nor hurt me again. Never again!

Mark my words, because I am now Engineer Tatiana Cara Corsanes. Stronger, fiercer, and bolder.

II

"*May we invite everyone to please pause for awhile and observe silence as we pray the Angelus. Please all stand.*"

"Finally," I said as I let out a sigh of relief, glancing up at Engineer Olvido, our instructor in Basic Calculus.

Mabilis akong tumayo at ganoon din ang ginawa ng mga kaklase ko. I was relieved that the sudden quiz was cancelled. Well, thanks to the prayer leader for that very good timing.

Malalapad ang ngiti ng ilan sa aking mga kaklase dahil katulad ko ay maaaring gutom na rin sila, at wala nang lakas pa para sumabak o makipagbakbakan pa sa mga numero. Numbers are like boys, both pain in the a*s. They exist just to give you headaches, and to make you suffer.

"*The Angel of the Lord declared unto Mary...*"

"*And she conceived by the power of the Holy Spirit,*" we responded.

Ganito ang nangyayari sa aming Catholic

school at exactly 8:00 in the morning ay mayroon kaming Gospel reading, every 11:45 a.m. ay nagdarasal kami ng Angelus, at 3 o'clock prayer naman sa hapon.

Lumakas ang hiyawan nang matapos ang dasal at lumabas na si Engineer. Itinago ko ang aking calculator, highlighters, journal, at dali-daling lumabas.

"Oy, di ka sasabay?" asked Cassandra, my friend. Maangas ang pagkakatanong niya dahil ganoon talaga siya magsalita. Madalas siyang napagkakalamang tomboy dahil sa kilos at salita niya, but believe me, may tinatago rin itong kalandian sa katawan.

"May kikitain ako," I lied. Gusto ko lang talagang mapag-isa, at mag-isip-isip.

"Pokpok ka talaga!" pagbibintang ni Vettinah habang nag-aayos ng mukha. Sa aming apat, siya ang pinaka-wild, party girl, maingay, at laging go with the flow sa buhay. While Ernisha is the smartest and kindest among us. Matured na siyang mag-isip, at ang dakilang killjoy sa barkada.

"Mana sa 'yo!" I shouted back before turning my back. Cassandra, Vettinah, and Ernisha are my friends and kakopyahan buddy na rin.

I was tired of going down the stairs. Hinarang ako ng guard dahil muntik ko nang makalimutang

i-tap out ang aking ID. Gutom na ako, at masyado pang mahaba ang pila sa RFID. With a deep sigh, I rolled my eyes and waited for my turn.

I decided to eat at *It's Friday*, one of my favorite fast food restaurants that offers unlimited wings and rice. Stress eating ako ngayon. Everytime na may problema ako o kapag hindi ko maintindihan ang sarili ko, I eat as much as I can.

"Tatiana?"

This can't be. I know that voice! Of course, paano ko ba naman makakalimutan ang boses na dati ay hinahanap-hanap ko at kinahuhumalingan ko pa?

I gulped. Tila nanlamig ako nang marinig ko si Ace, my cheater ex-boyfriend.

Maayos ang pagsasama naming dalawa na akala ko nga hanggang dulo na, pero akala ko lang pala iyon. Puro na lang siya pangako na lagi namang napapako. I admit that I was wrong for trusting him and falling for his words.

Natawa na lamang ako nang maalala ang nangyari noong bakasyon. Nagbakasyon lang, pati feelings niya sa akin nagbakasyon na rin. Halatang mahal ka lang kapag kasama ka.

"Kumusta ka?"

"I'm fine, and thankful," I casually replied while waiting for my order.

I was actually a bit irritated by his presence.

Nakakainis! Mayroon pa siyang ganang harapin at tanungin ako, na para bang walang nangyari at hindi niya ako ginago. Ang kapal ng mukha! Ang kapal-kapal!

"Thankful kasi iniwan mo ako," I smiled bitterly. Mukhang nagulat si Ace, at tila hindi niya inaasahan ang sagot ko. From my peripheral vision, I saw his new toy. Totoo nga, kung sino ang pinagseselosan mo ay siya ang ipampapalit sa 'yo ng boyfriend mo kapag nag-break kayo.

"Wait," I said before turning my back. "Let me rephrase it. Hindi mo ako iniwan, God removed you for me. He removed a toxic person like you in my life."

I faked my smile, paid for my bill, and took my food tray. Lumakad na ako palayo pero mayamaya ay lumingon ako. At napako ang aking tingin sa paglalampungan nung dalawa. I mocked myself. Nakakatawa kasi 'yung sinasabi niya noon na kaibigan niya lang, ay *bebe* niya na ngayon.

Nandidiri ako sa sarili ko dahil nagmahal ako ng manloloko. Ngumisi siya nang makita niyang nakatingin ako. Akala niya siguro nagseselos ako, hindi niya alam nandidiri ako. Diring-diri!

Naisipan kong balewalain na lamang sila at ipinagpatuloy ang paghahanap ko ng upuan. Tumaas-baba ang dibdib ko dahil sa pinipigilang inis habang patuloy na naglalakad. Biglang may

bumangga sa akin.

My jaw dropped when I saw some of my chicken wings rolled on the floor.

"What the hell!"

Umalingawngaw ang mababa at baritonong boses sa loob ng restaurant. I lifted my gaze and saw a stranger. Sa tono ng kanyang pananalita, halatang hindi natuwa ang estranghero sa nangyayari. Paano ba naman siya matutuwa kung isa sa mga chicken wings ay lumipad at dumikit na pala sa damit niya at namantsahan iyon! Napansin ko na unti-unti na naming nakukuha ang atensyon ng iba, kaya yumuko na lamang ako.

I bit my lower lip and took a deep breath before lifting my gaze to his face. I was about to say sorry, but I was a bit stunned by his stares. I admit he's goodlooking, but sad to say, allergic na ako sa mga guwapo. Malaki ang paniniwala ko na kapag guwapo, gago at manloloko. I believe na kung gusto mong makahanap ng true love o ng taong seryoso, 'wag kang magmamahal ng guwapo.

"Are you done checking me?" mayabang niyang tanong. I gulped again when he raised a brow which made him look sexier. Nakakalunod ang mga mata niya at nakakaakit din ang boses niya.

I wanted to defend myself, gusto kong magsalita pero ayaw bumuka ng bibig ko at tila

hindi ko rin mahanap ang tamang salita na dapat kong bitawan. Tinaasan ko na lamang siya ng kilay at inirapan.

Naisip kong umalis na lang kasi ayaw ko sanang gumawa ng iskandalo. Napansin ko ang pagsulyap ni Ace sa amin kaya lalo akong nainis at nagkaroon ng rason para umalis. Hindi ko yata kayang magtagal sa isang lugar kasama siya, at ang 'kabit' niya.

I was about to go, pero bigla na lang hinawakan ng lalaki ang kamay ko kaya napatigil ako. Nagulat ako sa paglalapat ng balat naming dalawa. Ang weird ng lalaking 'to! Pati ako nagiging weird na rin. Kung anu-ano na ang nararamdaman ko.

Nakita ko ang pagngisi niya nang mapansin ang naging reaksyon ko. I blinked more than twice when he leaned closer to me.

"Where are you going? Sa tingin mo, miss, palalagpasin ko ang–"

I kissed him in haste out of irritation. And then, I left like nothing happened. Hindi ko alam kung anong klase ng espiritu ang sumanib sa akin upang magawa ang bagay na iyon. Dali-dali akong naglakad palayo habang nag-iinit ang mga pisngi ko.

Paulit-ulit akong tinawag nung estranghero, ngunit hindi ako lumingon kasi wala na akong mukhang maihaharap sa kanya.

What the f*ck, Tatiana!

Why did you kiss him? Why did you kiss a stranger?

2

"MM, push ka. Tank, 'wag mong iniiwan 'yung MM natin."

"Pharsa, bot bilis!"

"Gather! Nasa lord sila. Tara din doon, p're. Sama-sama lang tayo."

"Retreat! 'Yung base natin, mga ulol!"

"Defend lang, kaya pa 'to."

"DEFEAT!"

Ibinagsak nila ang kanilang mga cellphone, at pinanood ko kung paano mag-sumbatan ang mga kaklase ko. They were playing *Mobile Legends*, at mukhang sunud-sunod ang talo nila. Nagsisisihan sila at nagtuturuan kung bakit natalo. Napailing na lamang ako dahil sa ingay na dulot nila.

"Liz, patikim ako!"

Agaw-atensyon ang pagsigaw ni Xia nang dumating si Liz na mayroong hawak-hawak na frappe. Inilihis ni Liz ang hawak nito nang maramdaman ang balak na paghablot ng kanyang kaibigan.

"Ang damot mo. S'abi mo, iihi ka lang tapos pagbalik mo may frappe ka na!"

"Duh! CR is the new definition of cafeteria," she playfully replied and let her friend sipped on her drink.

"Guys, si President!"

Agad nagsibalikan sa kanilang upuan ang aking mga kaklase. Tila anghel yata ang pumasok dahil natahimik sila nang dumating si Jake, ang aming class president. Mabuti naman kasi kanina pa ako naririndi sa ingay. Kanina pa ako naiinis, hindi nakikisama ang mga kaklase ko.

"Wala raw maingay. Absent ang instructor natin sa Reading and Writing pero may–"

Hindi pa man natatapos ang sinasabi ni Jake ay biglang nagtilian na ang mga kaklase ko. May ilan pang tumalon at naghagis ng kanilang gamit. Para tuloy kaming mga hayop na nakawala sa hawla. Mas lalo lang uminit ang ulo ko dahil wala pa akong tulog. Hindi ako pinatulog ng... oh, never mind!

"Paki-review daw 'yong vocabulary words, may quiz next meeting."

"Hindi niya na maaalala 'yon," one of my classmates shouted and because of that we all laughed in unison.

Most of my classmates were noisy and boisterous. Tumayo ako at naisip na matulog na

lang sa library.

"Tatiana?" I was about to open the door when Jake called my name. Nakakunot ang noo niya na tila nagtatanong kung saan ako pupunta.

"Library lang," tipid kong sabi. Binigyan niya ako ng library pass dahil baka sitahin ako nila Manong Gado.

I couldn't hide my smile as I arrived at the library and found the librarian sleeping.

Pumunta ako sa sulok, nangalumbaba at ipinikit ang mga mata. Inaantok ako, pero hindi ako makatulog. Naiinis ako sa sarili ko dahil kanina ko pa planong matulog, at hanggang ngayon ay hanggang plano ko pa rin iyon. Saludo ako sa mga taong pipikit lang, tulog na agad.

I closed my eyes and tried to sleep. Nakapikit lang ako, pero ang diwa ko ay gising na gising pa rin talaga.

Bigla akong kinabahan at hindi mapakali dahil pakiramdam ko ay mayroong nanonood sa akin. Iniangat ko ang tingin ko at nakita ko ang mukha ng isang lalaki. Hindi ko gaanong mamukhaan dahil nanlalabo pa rin ang aking paningin, dulot ng matagal na pagkapikit.

I blinked. My breathing seemed to stop for a while. My eyes widened as I saw his handsome face clearly. What?! Bakit siya nandito? Dito rin siya nag-aaral?

"How's sleep, Miss Kiss-and-Run?" Isang nakakalokong ngisi ang ibinigay niya sa akin.

He reached my table and put his elbow over it. Mas lalo kaming nagkalapit. Amoy na amoy ko ang kanyang pabango. Sa sobrang lapit namin ay mas lalo kong natitigan ang mukha niya. He had black hair, sharp and dark eyes, thick eyebrows, pointed nose, and kissable lips–

Agad akong napaatras. I stopped what I was doing and bit my lower lip. I saw a twinkle of amusement in his eyes, but he still managed to keep his face straight.

"Are you stalking me?" I asked, as I raised one of my eyebrows.

Imbis na sagutin ang tanong ko ay tumawa siya nang malakas na tila ba nang-aasar. His laugh echoed through the entire room. Sa lakas ng kanyang pagtawa ay nagising ang librarian. Tumingin ito sa amin at sumenyas na manahimik kami.

Bitbit ang mga gamit ko, mabilis akong naglakad palayo sa lalaki. Tuloy-tuloy ang paglalakad ko patungo sa rooftop. But I could still feel his presence behind me.

"Excuse me." Tumigil ako sa paghakbang at humarap sa kanya.

"Yes, you're excused."

"Are you following me?" I asked again.

"Am I?" he answered, raising one of his eyebrows. Mas lalo lang akong nainis.

Hindi ko na siya pinansin at nagtuloy-tuloy na lang.

Hindi ako mapakali kahit nang makarating ako sa rooftop. Sigurado akong may binabalak ang lalaki. Nagtatalo ang aking isipan kung mananatili ba ako doon, o babalik na lang sa classroom.

"Small world, right?" Then, he smirked at me. Hindi ko na lang siya pinansin at inilayo nang kaunti ang sarili ko. Pero umusog din siya palapit sa akin.

"What do you want?" I asked again.

"You." Parang napako ako sa kinatatayuan ko.

Napakasimple lang ng sagot niya pero parang malaki ang epekto nito sa akin. Ano ba ang nangyayari sa akin?

"We need to talk about something," he added. Naging seryoso ang kaninang mapaglaro niyang mukha.

"Ano naman 'yon?"

"You devirginized my lips," maktol niya. I almost laughed because of his expression, para siyang isang batang inagawan ng candy.

"Don't act as if it's your first," I irritatedly replied.

Tumayo na ako, at naisip na bumalik na lang sa classroom dahil wala rin akong mapapala doon.

"It is!"

"Impossible! For a guy like you," sabi ko habang sinusuri siya pataas at pababa. "For sure, madami ka nang nahalikan. So don't act like that's something special. Halik lang 'yon."

"Aww!" He put his hand over his chest. "You're hurting my ego, darling. Even if it's not my first, still, it doesn't change the fact that you stole a kiss from me." He walked towards my direction.

Napaatras ako sa patuloy niyang paglapit.

"Do you usually kiss strangers?" Seryoso ang expression niya. Tuloy-tuloy parin ang paghakbang niya habang ako ay umaatras. Umatras ako nang umatras hanggang sa naramdaman ko ang paglapat ng likod ko sa pader.

"W-why?" utal kong tanong. Hindi muna siya nagsalita at nagpatuloy lang sa paghakbang. He pinned me against the wall. Nagtama ang aming mga mata.

He smirked. "Don't. Seloso ako."

Oh, just kill me already. This is already hell with the demon by my side.

Itinulak ko siya, dahilan upang magkaroon ng distansya ang pagitan namin. I grabbed that opportunity to got away from him.

Narinig ko ang malakas niyang pagtawa nang bumababa ako sa hagdan. Gosh!

Papa G, sana ito na po ang huling pagkikita naming dalawa.

3

"Patiana, nag-review ka?" Vettinah asked as I entered the classroom.

"Sakto lang," I replied. Hindi ako masyadong nakapag-review dahil tinamad ako, kaya nag-sound trip lang ako at nakatulog din kalaunan.

Ibinaba ko ang mga gamit ko, inilabas ang journal, saka umupo. I tried my best to focus on reviewing my notes.

"Ayan tayo sa mga ganyang sagutan, eh. Sakto lang daw, pero mamaya, siya na naman 'yung highest."

Napaangat ang tingin namin kay Ernisha na kararating lang din. Hindi niya suot ang kanyang salamin dahil ayaw ng boyfriend niya. Sa totoo lang, ayaw namin sa kasintahan niya dahil pilit niyang binabago ang kaibigan namin. Maling-mali iyon, dahil kung talagang mahal mo ang isang tao, dapat tanggap mo siya mula ulo hanggang paa.

"Ikaw, Ernisha, nag-review ka ba?" I asked.

"Hindi." Saglit lang siyang tumingin sa amin bago ibinalik ang tingin sa cellphone. She was probably texting her boyfriend again.

Sa totoo lang, matalino si Ernisha; hindi niya na kailangang mag-review. Iyon nga lang, tamad siya specially sa paggawa ng projects at requirements. Mas ginaganahan daw kasi siya kapag rushed na. At isa pa, bad influence sa kanya ang boyfriend niya. Laging nag-aaway ang dalawa kaya madalas ay mas inuuna niya pa ang pagsuyo sa nobyo kesa sa paggawa ng school works.

"Sabagay, matalino ka naman. Pakopya ulit ha?" I jokingly replied, but she just shrugged.

"Huwag kang buraot. Hoy! Hati-hati tayo. Sa 'yo 'tong last part." Pilit niyang binibigay ang journal niya ngunit hindi ko iyon tinanggap.

"Bakit pa magre-review, babagsak din naman," I answered, and laughed because it was true.

Finding the derivatives of trigonometric functions is difficult, and somewhat complicated. Well, minsan hindi naman talaga mahirap, sadyang nakakalito lang at nakakahilo.

Pero good thing na during Chemistry and Calculus class ay nasa Chem Lab kami. Bukod sa nakapaikot kami sa table ay medyo masikip din doon kaya madali lang kumopya. Pahabaan ng leeg, palakihan ng mga mata, at pagalingan sa diskarte. Gayunpaman, hindi ako proud na

kailangan ko pang gawin iyon para lang pumasa.

Napaangat ang tingin ko nang hablutin ni Cassandra ang journal ko. Hinihingal siya at tila hinahabol ang hininga. Muntik na naman siyang maabutan ng closed gate. Malapit lang ang bahay nila, pero lagi siyang late.

"Journal pa ba 'to, Tatiana, o drawing book?" Tumawa siya nang nakakainsulto habang binubuklat ang journal ko. "Gago, dapat hindi ka nag-STEM. Dapat nag-Arts and Design ka na lang." Hindi ko na siya pinansin at hinayaan lang na pintasan niya ang journal ko.

Itinigil ni Vettinah ang pagbabasa at inilapit ang upuan sa akin. "Totoo kaya 'yung chismis? Magiging kaklase daw natin si Leo!" she said with a hint of excitement.

"Leo who?" kunot-noo kong tanong.

She rolled her eyes before answering, "Duh! Si Leo, 'yung pogi at bagong member ng varsity!"

I just shrugged. Basta talaga pogi, malakas ang radar ni Vettinah.

Then, wearing a simple white button-down shirt paired with suit pants, Engineer Olvido entered the room. We greeted him good morning.

Madami siyang sinasabing paalala tungkol sa long quiz namin, pero hindi ako nakikinig dahil naiirita ako sa boses niya. Nagpatuloy lang siya sa pagsasalita, but he suddenly caught my attention

nang mabanggit niya si Leo, iyong ikinukuwento ni Vettinah kanina. Sana legit na guwapo, para ganahan naman ako kahit kaunti sa klaseng ito.

"Let's wait for Mr. Soriano. He'll be your classmate in this subject." Napuno ng bulung-bulungan ang classroom.

"Excuse me, sir. Sorry, I'm late." I froze for a while. His voice is familiar! Hindi ako puwedeng magkamali.

I slowly lifted my gaze and saw him looking at me intently.

It had been a week since my rooftop encounter with him. Hindi na ulit kami nagkita o nagkasalubong ng landas. Pabor sa akin iyon dahil ayaw ko siyang makasama o makita man lang. I couldn't bear him and his attitude.

Masyado siyang maloko at mapaglaro. I'm afraid that I might fall for his trap, and repeat the same mistake that I did before.

"Rogelio Soriano III," simple at maangas niyang pagpapakilala. Hindi niya inalis ang tingin niya sa akin kahit na kinakausap pa siya ng teacher namin.

Sa tabi ko rin siya umupo.

"So it's nice to see you again," he said.

Nice-nice ka diyan! Hindi kaya nice, ikaw ba naman makatabi ng demonyo.

"Lord, s'abi ko po guwapo. Bakit naman po

gago 'yung binigay n'yo?" I whispered to myself, pero nilakasan ko nang kaunti para ipinarinig sa kanya.

Parang nainis siya sa sinabi ko pero nakabawi din agad. "Aminin mo na kasing guwapo ako," he confidently said.

"Okay, gago."

"Ano 'yon, gwapo?" aniya sabay ngisi.

"Pangit na nga, bingi pa."

"Are you telling something, miss?"

"Wala, s'abi ko ang gago mo."

"Guwapo?"

Hindi ko na siya pinansin. Bahala siya sa buhay niya. Lumipat ba siya rito para inisin ako? Well, nagtagumpay siya kasi inis na inis na ako sa kanya!

Todo takip ako ng papel ko nang magsimula ang quiz namin. Nasa kalahati pa lang ako nang maramdaman ko ang pagbagsak ng friction pen ni Leo. Napatingin ako sa answer sheet niya, dahil sa hirap ng given, imposibleng matapos niya agad iyon.

"Huwag mong kokopyahin last name ko, baka bigla kitang iharap sa altar ngayon," sabi niya. He was grinning like an idiot.

I ignored him and tried to focus on my test paper. I bit my lower lip dahil hindi ako confident sa mga sagot ko.

"Okay, class. For the last item, who can go in the board to find the derivative? I need a girl and a boy representative," Engineer Olvido announced.

I confidently raised my right hand. I was a bit surprised when Leo also raised a hand.

"As expected," manghang pahayag ng guro.

I could smell victory. Pinapahiya niya lang ang sarili niya. Based on his looks and personality, alam kong mas matalino ako kesa kanya. Tumayo na ako at ganon din siya.

Nakangiti lang ako kasi confident akong masasagot ko ito nang tama. Nag-solve ako sa board at ganoon din siya. We needed to find the derivative of a trigonometric function. Parehas kami ng nakuhang sagot, pero nauna akong natapos sa kanya.

Naglakad na ako pabalik sa upuan ko at naramdaman ko ang pagsunod niya. "Mr. Soriano got it correctly. Congratulations!" The entire class cheered for him.

"I'm sorry, Ms. Corsanes, but you forgot to differentiate the inner part of the equation."

I was about to complain dahil parehas kami ng sagot, pero nagulat ako nang makitang iba na ang sagot ko sa board. The bastard, binura niya pala 'yung 3 sa unahan ng sagot ko! Ang epal niya talaga kahit kailan. Baka nga kinopyahan niya lang ako, tapos pinakialaman iyong sagot ko. Badtrip!

"Did you like it? It's awesome, right?" He was grinning from ear to ear, na lalo kong ikinainis. Anong awesome d'on? Mas awesome pa yata kung sisipain ko na lang siya papuntang Pluto.

"Talk to my hand."

"Attitude ka, girl?" He smirked at umiling-iling pa. He even mimicked how other people talk about him.

He must be enjoying this moment. Hinayaan ko na lang siya. Hindi ko siya pinansin kahit salita siya nang salita. Parang wala lang akong naririnig.

Binatukan ako ni Vettinah nang matapos ang klase. Half-day kami ngayon pero kailangan naming mag-attend sa meeting ng organization.

"Aray! What was that for?" I asked.

"Gago, ang landi mo," sabi niya habang tumatawa.

I rolled my eyes, because I know that she's referring to that bastard.

"Have you guys met before? It seems like you know each other."

I just shrugged and ignored what she said.

"Alam n'yo, tara na. Late na tayo, o," pag-aaya ko sa kanila, trying to change the topic and divert their attention.

Mabilis natapos ang meeting namin sa organization. It was quite boring kaya hindi ako masyadong nakinig.

"Guys, may bagong bukas na cafe sa–"

"Pass," sabay-sabay naming sabi dahil dinedemonyo na naman kami ni Cassandra na gumastos. Sa barkada, siya ang laging late sa oras ng usapan, pero galante naman sa galaan.

"Huwag na kayong pabebe. Libre ko, okay?" She rolled her eyes at hinila na kami palabas ng campus.

"Wow!" I said to myself as we arrived at *Tsai Tea Station*, the newly opened café near Gomez Street. Ang minimal ng design, talagang nakakaakit sa mata. Maliit lang ang lugar, but fair enough para magkasya ang 10-15 katao.

I ordered a Belgian waffle and Okinawa milk tea. I was actually craving for this, kaso tinatamad akong gumastos.

While waiting, I took a picture of the place and uploaded it as an *Instagram Story*. Maganda ang lugar, ang fresh at relaxing. Nalaman ko na iyong may-ari mismo ang nagpinta at nagdisenyo ng lugar.

But I suddenly raised my eyebrow because of what I saw on my phone.

rogeliosoriano started following you.

4

"One, two, three, four, five, six, seven, eight, and turn," we cheered as we danced to the beat.

Cheer stunts definitely add a lot of excitement to any routine, but they could be difficult to execute well. I rolled my eyes dahil pagod na ako at nakakaramdam na ng uhaw.

Cassandra, Vettinah, and Ernisha are members of the cheerleading team kaya nasama rin ako doon. Required na bawat estudyante ay kasama sa isang organization, kaya noong organization day ay wala akong choice at nagpahila na lang sa kanila. Pero qualified din akong mag-join sa student council, at namimili pa ako ng partido na sasamahan.

For now, cheerdance muna ang iniisip ko. We started practicing for the opening of *APSTAP Sports League*. We still have two more months to prepare. Medyo hassle lang kasi malapit na ang finals namin for this semester.

"Water break," Ate Miranda announced. She's the head of the cheerleading team.

I was drinking my water when Vettinah approached me. "Kanina pa tingin nang tingin dito si Leo," she whispered.

"Namamalik-mata ka lang," I replied as I put my bottled water inside my bag.

"Anong namamalik-mata, Cassandra saw it too! Right, Sandra?" She put her hands on her waist as she looked at our other friend.

"Oo. Trip ka 'ata ng ungas na 'yon," the latter concluded.

Just thinking about that made me want to vomit!

"Look," turo ni Ernisha sa half-court. "Nakatingin pa din siya dito."

Fearfully, I looked up and saw him looking at me. Amusement twinkled in his eyes and mischief played at the corners of his mouth. He gave me a slight wave. Instead of waving back, I raised one eyebrow and shifted my gaze.

Hindi ko pinansin ang pang-aasar ng mga kaibigan ko at agad na bumalik sa pagpapraktis. We continued practicing stunts like basket toss and Superman.

Pero hindi ako makapag-focus sa mga steps na ginagawa namin. Naiilang ako sa mga pagsulyap ni Leo. I suddenly felt self-conscious. Natatakot

akong magkamali dahil ayaw kong mapahiya sa harap niya. Hindi ko alam kung bakit parang gusto kong magpasikat sa kanya.

"Tatiana, are you still with us?" tanong ni Ate Miranda.

I bit my lower lip dahil hindi na pala ako nakakasunod, dahil sa pagsulyap din sa lalaking iyon.

"O-of course! I'm sorry," I apologized.

I tried to focus dahil medyo delikado ang susunod na stunt.

"Syet na malagket! Natapos din." Cassandra let out a sigh of relief and glanced at Ernisha. Inayos namin ang mga gamit namin at naglakad na palabas. We were planning to eat somewhere.

"Boiling shrimp o Samgyupsal?" Cassandra asked.

"Samgy!" sabay-sabay naming sagot. We laughed and continued to walk.

"Wait, ladies!" Leo said as he grabbed my hand.

Binawi ko ang aking kamay. I heard my friends whispering to each other. Obviously, ini-issue na naman nila kami.

"What do you need?" I asked and raised a brow.

"You," he answered and chuckled softly.

"Tomboy, alis ka d'yan! Baka matapakan mo buhok ni Tatiana, ang haba kasi," buska ni Vettinah. Pabiro niyang hinila palayo sa Cassandra na nasa

tabi ko.

Leo looked at my friends and give them a light smile. "I mean, uh, let's have lunch together," he asked shyly. "Kung libre ka at wala kayong lakad siyempre," pahabol pa niya nang hindi ako agad nakasagot.

Lunch my a*s. We're not friends nor close to each other.

I was about to answer pero naunahan ako ni Cassandra. "Libreng-libre siya ngayon," aniya sabay tulak sa akin na ikinatawa naman ng lalaki. "Basta ingatan mo yan, ha?" dagdag pa nito.

"Hoy, akala ko ba sa samgy tayo?" pagtutol ko. Binubugaw na nga nila ako, sa bakulaw pa na 'to.

"Next week pa 'yon, di ba?" palusot ni Vettinah.

"Oo nga. Basta ingatan mo 'yan, ha?" ulit pa ni Cassandra. I looked at Ernisha, and tried to ask for help pero masyado siyang abala sa pagtitipa ng message para sa boyfriend niya.

"Iniingatan ko siya. I mean, oo, iingatan ko."

Parang lintang kinilig ang mga kaibigan kong taksil. They waved their hands and started walking away.

"Wear a condom! Safety first," Cassandra shouted.

"Gago," I shouted back.

"Where do you want to eat?" Leo asked.

"Kahit saan," I replied.

"Ang labo naman ng sagot mo," he said at pilit na kinukuha ang mga gamit ko. "Kasing-labo na ipagpalit kita," he added.

Nagkunwari akong nasusuka, at tinawanan lang ako nito.

"Can we just eat somewhere else?" I asked mayamaya. Doon niya ako dinala, sa *Wing Street* kung saan kami unang nagkita, at kung saan ko siya hinalikan.

"Why?" mapaglaro niyang tanong sa akin.

"Diet ako," palusot ko.

He chuckled, mukhang hindi naniwala sa sinabi ko. "Diet? Baka naman may naaalala kang–"

I immediately opened the door and entered the resto. Tumawa lang siya at sumunod. Naupo kami sa isang mesa sa bandang dulong kanan ng kainan.

"Hindi ko alam na *dancerist* ka pala." He chuckled sexily, but I chose to ignore him.

Inabala ko ang sarili ko sa paghahanap ng tamang anggulo. I love sharing my hanash on *Instagram*.

"Hey," he said trying to get my phone and also my attention. "Ulitin mo! Wait, dapat guwapo ako sa *IG Story* mo ah."

I rolled my eyes and looked at him with disbelief. Akala niya ba kinukuhanan ko siya ng litrato?

"Assuming. Pagkain ang pini-picture-an ko, hindi ikaw. Bakit, pagkain ka ba?"

"Hindi ako pagkain, pero masarap din ako."

Tumawa lamang si Leo nang magkunwari akong nasusuka.

"You did not follow me back."

"Ano ka, chix?" I hissed. "Baka gawin mo lang akong liker ng mga post mo."

"Puwede rin," he jokingly answered.

"Ew! Ayoko nga!"

"Kung ayaw mong i-like ang mga post ko, eh di ako na lang i-like mo. Real quick, darling."

Hindi ko na siya pinansin at kumain na lang. Ang harot-harot niya, nakakainis! Ang mga katulad kong marupok ay allergic sa katulad niyang maharot.

I smiled as he cleaned our mess. Well, at least kahit maharot, may manners naman.

"I'm sorry," I apologized. He looked puzzled. "I mean, sorry doon sa nagawa ko. Uh, you know 'yung ano..." He laughed. Hindi ko kasi masabi nang buo dahil hanggang ngayon ay nahihiya pa rin ako.

He looked at me with a hint of amusement. He reached for my cheeks, and pinched it. "I enjoyed it, don't worry," he said.

"Nandito 'yung ex kong manloloko that time. Hindi ko alam kung ano'ng gagawin ko, wala ako

sa katinuan tapos nagulat na lang ako, nahalikan na pala kita," I explained. Baka kasi isipin niyang may gusto ako sa kanya or what. Sandali siyang natahimik at tila may naisip.

"Bakit kaya gan'on 'no?" biglang tanong niya pero hindi ko alam kung ano ang tinutukoy niya.

"You keep on loving pero wala kang natatanggap in return. You keep on pushing yourself to be loved by someone, pero wala pa din." He gave me a light smile, pero halata namang peke iyon.

Naging tahimik ulit siya. I don't know kung may nagawa ba ako, o nasabing kakaiba. Hanggang natapos kaming kumain at nasa labas na kami ay hindi pa rin siya kumikibo.

"O, 'yung bayad ko nga pala." Pilit kong iniaabot ang pera ko.

"It's my treat," tipid niyang sabi.

I rolled my eyes dahil ayaw kong magkaroon ng utang sa kanya, baka mamaya isumbat niya pa iyon sa akin.

"Let me pay for my bill," pagpupumilit ko pa din.

"I don't let my girl pay."

Mariin akong napapikit. "Ayaw kong magkaroon ng utang na loob sa 'yo," I harshly replied. *Saka hindi mo ako girl*, gusto ko ring idagdag.

"Eh di, ilibre mo na lang ako sa susunod." Then, he walked away. Leaving me dumbfounded.

5

"Hindi nga ako papayagan!" I hissed for the nth time. Kanina pa ako kinukulit, at kanina pa rin ako tumatanggi.

"I'll talk to your mom. Ipapaalam kita," pagpupumilit pa ni Vettinah. She's very persistent. Gagawin niya talaga ang lahat makasama lang ako sa gala.

"You're just wasting your time, hindi ako papayagan n'on."

Our school organized a small welcome party for the varsity team. It will be held at *Monte de Cafe and Bistro*. Sa gabi iyon kaya malamang na hindi ako papayagan.

"Ako nga bahala," she said over the phone. "Give me some minutes, pupuntahan kita."

My parents are too strict and a bit KJ. Hindi nila ako pinapayagan masyado sa mga gala kaya minsan, napipilitan akong magsinungaling o magpalusot. Alcohol, boyfriends, and other stuff are strictly prohibited. Nevertheless, I had one

before, si Ace. Because, of course, I needed to feed my curiosity. Iyon nga lang, sa heartache lang iyon nauwi so gusto kong maniwala na tama ang parents ko sa pagbabawal na mag-boyfriend agad ako.

"Good morning po, Tita!" Vettinah greeted a few minutes later. "You look beautiful, Tita." Ikinatuwa iyon ni Mama.

"Ikaw talaga, binobola mo na naman ako. May lakad ba kayo ngayon?"

"Uh, Tita, actually po, ipagpapaalam ko po sana si Tatiana." She paused for a while as she bit her lower lip.

"Saan ba ang lakad n'yo?" pag-uusisa ng nanay ko.

"Sa bahay lang po, Tita. We need to finish our Research Proposal early po kasi," Vettinah explained.

"Ganoon ba? Mga anong oras kayo matatapos?"

"Uhm... I'm not sure po, eh. Ihahatid ko na lang po siya kapag medyo na-late po," she answered. "Pero mas safe po kung doon siya matutulog sa amin." Vettinah gave her sweetest smile. "If papayag po kayo, siyempre," pahabol nito.

My jaw dropped when my mom nodded as sign of consent. I blinked more than thrice just to make sure na hindi ako namamalik-mata.

Kinagabihan, kasama na nga ako sa gala.

Monde de Cafe and Bistro has a nice ambiance, a place perfect for entertainment. It is the best al fresco drinking spot in Paniqui, Tarlac. It gives a cozy vibe complete with acoustic music, great food, cold beers, and friendly staff.

First time ko lang doon, dahil hindi active ang night life ko dati. Pagpasok ay maririnig mo ang ingay mula sa live band at maamoy ang mababangong pagkain at alak.

Pagdating namin ay nagsisimula na ang performance ng free play band, kaya medyo maingay na. I'm wearing a high-waisted ripped jeans paired with a white off-shoulder top.

"Nandito na pala ang magaganda nating cheerdancers," one of the boys announced. Naghiyawan ang mga ito at inalok kami ng upuan at beer.

"Cheers!"

Inabutan nila kami nang *San Miguel Light*. I was about to drink it but someone grabbed the bottle away from me. I automatically shifted my gaze and saw a familiar face.

"Bawal sa 'yo 'yan," Leo said. Inabutan niya ako ng *Coke* na ikinainis ko. Ano ako, bata? Because of what he did, lumakas lalo ang asaran.

There were few rumors about us na pala. Masyado kasing ma-issue ang mga tao ngayon. Makita ka lang na may kasamang lalaki, 'matic na

boyfriend mo na.

"Sana all may jowa!"

"Sana all may label!"

"Label muna, bago bawal."

Napailing na lang ako sa kalokohan nila, lalong-lalo na sa kaingayan ni Cristan.

We were singing along to the band, nang bigla nilang kantahin ang *'Imahe'* by Magnus Haven. Awit iyon para sa mga brokenhearted at mga na-ghost.

"Tayo ay pinagtagpo ngunit hindi tinadhana / Sadyang mapaglaro itong mundo..."

Feel na feel namin ang pagkanta, kahit na minsan ay hindi naman namin naabot ang tono.

"C'mon, guys, louder!" sigaw ng kanilang bokalista nang mapansin ang little wildness ng crowd.

Napatigil lamang ako sa pagkanta nang marinig ang munting paghagikgik ni Cassandra.

"G*go, ang pogi!"

Napairap na lamang ako dahil lahat naman yata sa paningin niya ay guwapo. Halos parehas lang sila ni Vettinah. Ang pinagkaiba lang, girly si Vettinah, samantalang si Cassandra ay medyo tomboy tingnan.

"Kanina pa 'yan tumitingin dito, mukhang magkaka-jowa na ako!" she added. "Kapag 'yan naging akin, who you lahat ng tumatawag sa akin

na tomboy."

"Less assumptions, less pain," I said jokingly. I laughed when she gave me his hand, and raised her middle finger.

"Baby, what's wrong?" rinig kong tanong ni Leo, as he answered his phone. Sumenyas siya sa akin na lalabas siya. I rolled my eyes dahil hindi niya naman kailangang magpaalam. Bakit, girlfriend niya ba ako?

Baby, huh? May girlfriend na pala siya, tapos he's acting like he's hitting on me. Or maybe binigyan ko lang ng malisya 'yung mga actions niya?

"Easy, baby girl," natatawang pigil sa akin ni Vettinah nang dere-derecho kong ininom ang mojito at isang shot ng margarita.

Tapos na ang free play ng banda. They announced na puwede kaming kumanta o mag-perform ng piyesa sa stage. The floor is now ours.

Naghiyawan ang mga ito nang makita ako sa harap. "Don't judge me, guys. Hindi kagandahan ang boses ko," I joked. "Ayaw ko sanang magtawag ng ulan, but I want perform my masterpiece. Sariling composition ko po 'to."

"Woah!"

The crowd clapped and cheered for me. I saw Leo standing near the right wing. He was looking at me intently, but with a hint of amusement in

his eyes.

"Ito ay para sa mga katulad kong iniwan, pinagsawaan, pinagpalit, at ginawang rebound. Para sayo 'to, sa taong umalis sa buhay ko," panimula ko.

It was my own song. Ginawa ko ito noong nalaman ko na rebound lang ako ni Ace, na hindi niya pala ako totoong minahal dahil nakikita niya lang sa akin iyong ex niya.

Ingat ka ha?
Kahit di na ako ang magsasabi nito,
Kahit di na ako ang dahilan ng pag-iingat mo,
Sana mag-iingat ka pa rin darling ko,
Dahil hanggang ngayon ako pa rin ay nag-aalala para sa 'yo.
Ingatan mo
Payo at paalala ko sa bago mo,
Na sana ay mapunan niya ang pagkukulang ko sa 'yo,
Ingatan ka sana ng taong minamahal mo,
Kagaya ng pag-iingat ko n'ung ako pa ang mahal mo.
Ingat.
Sa sarili ko na muling magmamahal,
Sana makakapili na ng taong hindi ako gagawing hangal,
Na lahat ng paraan ay maari niyang isugal,

Para lamang relasyon namin ay magtagal.
Mahal pa din kita hanggang sa dulo.

Kasabay ng pagbaba ko ay ang pagtulo ng mumunting butil ng luha galing sa aking mata. Akala ko, ayos na ako pero hindi pa rin pala; hindi ko pa pala kaya. Nandito pa din iyong sakit, pero iyong pagkakakapit ko sa kanya ay matagal ko nang binitawan.

Umalis ako sa stage area at lumipat sa bar, malapit sa entrance nang bistro.

"Hi!"

I shifted my gaze and saw the band vocalist. Malamig ang kanyang boses, at hindi umabot sa mata ang kanyang ngiti.

"Alvin," he said as he offered his hand for a handshake.

"Tatiana," sabi ko at tinanggap ang kamay niya.

"Tatiana," he muttered. "A beautiful name for a beautiful lady."

Tinawanan ko na lamang ang pambobola niya sa akin. Boys will be boys. Pakikiligin ka, bobolahin, paaasahin, tapos paiiyakin at bibitawan.

"Pang-ilan na ako na sinabihan mo niyan?" I asked, but he just laughed.

"Mukhang may pinagdadaanan ka."

"Baliw! May naalala lang," I replied.

"Well, it's really hard to forget someone who

gave you so much to remember."

He offered me another glass of margarita, and I gladly accepted it. Nanigas ako sa aking puwesto nang may maramdaman akong kakaiba. Someone grabbed my waist and pulled me closer to him. I lifted my gaze and saw Leo with a straight face.

"Don't flirt with my girl, dude. It's rude and disrespectful."

6

"What are you doing?"

Inis na inalis ko ang pagkakapulupot ng kamay niya sa aking bewang, at tinitigan siya nang masama. He's being possessive and I don't like it.

"Protecting you."

"Protecting me? Wow!" I almost rolled my eyes. "Nakikipagkaibigan lang 'yong tao!"

"He's obviously hitting on you."

"No, he's not. But so what if he is? Ano naman sa 'yo ngayon?"

Ang ibang varsity members ay napapatingin na sa amin, dahil medyo tumaas ang boses ko. Natahimik siya at halatang nagulat sa pagtataray ko.

"Nag-uusap lang naman kami ah," I explained and tried to lower down my voice.

Teka, bakit nga ba ako nagpapaliwanag? He's not my boyfriend.

"Hindi siya mukhang mapagkakatiwalaan," he

concluded.

Natawa ako. "At sino'ng mukhang mapagkakatiwalaan?" I crossed my arms over my chest. "Ikaw?"

His eyes never left mine. "Yes. You're right," he confirmed with a smile. "You can trust me, darling."

Leo slowly leaned forward, but I gently pushed him away. Tinalikuran ko siya at naglakad palabas.

I needed fresh air. Hindi ko na siya maintindihan; minsan mabait siya madalas ganito, medyo tarantado. Sobrang labo niya, nakaka-turn off. Girls' biggest turn off is inconsistency, acting like you care one day and then switch up on the next.

"Uy, teka lang naman," pigil niya sa akin, at sinundan ako palabas.

"Ano ba?!" I hissed. "What's the matter?"

"Matter is anything that occupies space and has mass," he confidently answered.

Tumawa siya nang makita ang ekspresyon sa aking mata, dulot ng kanyang sagot.

"Leave me alone. Wala akong oras makipaglokohan sa 'yo, Leo!"

"Who told you na nakikipaglokohan lang ako sa 'yo?" His face became serious. "I'm just protecting you," he almost whispered. "Are you mad? I'm sorry, Tatiana."

"Since when? Since when did you start to care?" I asked, ignoring what he said.

"Since the day you kissed me," he breathed out in a soft voice.

Mariin akong napapikit dahil sa sagot niya. He caught me off guard! Hindi ko naman kasi alam na hahalikan ko siya, at mas lalong hindi ko alam na magkikita pa kami muli.

"Ihahatid na kita," sabi niya nang tumagal ang katahimikan.

I was about to complain, pero wala na akong nagawa dahil nahila niya na ako sa parking lot.

"Kaya kong umuwing mag-isa."

"I insist. May tama ka na, baka mapaano ka pa," he replied and opened the car door for me. Hindi muna ako pumasok, at nanatili muna sa labas upang kausapin siya.

"Gago! Pambata nga lang ininom ko, tapos sasabihin mong lasing ako?"

"Language, Tatiana. Kahit ano pa ang sabihin mo, alak pa din 'yon."

"Alam ko!" Hindi ko na napigilan ang pagtaas ng boses ko.

"Iuuwi na kita," he offered again.

"Stop acting like you care!" May point naman siya. Delikado ang drunk driving but I really do hate men like him. Nagbibigay ng motibo para magustuhan, tapos kapag nagkaaminan, sasabihing magkaibigan lang.

"I do," he answered.

"Bullsh*t!" I shouted as I slammed the door of his car.

Pero wala pa rin akong nagawa kundi pumayag na ihatid niya. He let out a deep sigh before starting the engine.

Laking pasasalamat ko dahil hindi na niya ako ginulo. Itinuon ko na lang ang aking atensyon sa kalsada.

"Pagdating mo sa kanto, lumiko ka pakaliwa," pagtuturo ko ng direksyon.

My eyes widened when he turned his car in thre wrong direction. Sa kanan siya lumiko, instead na sa kaliwa.

"Oy, s'abi ko kaliwa," I hissed. "Hindi mo ba alam kung nasaan ang kanan at kaliwa? Saan ka ba nag-elementary, ha?"

"Sa States," he answered calmly.

"Graduate ka sa ibang bansa, tapos hindi mo alam ang pinagkaiba nang kaliwa at kanan?"

"Dito ang daan," he answered with a laugh.

"Doon nga ang daan," pagpupumilit ko naman.

"May daan din naman dito."

"Pero mas mapapalayo tayo!"

"Exactly." Saglit siyang sumulyap sa akin bago ibinalik ang tingin sa daan. "Para mas matagal pa kitang makasama."

"Whatever!" I rolled my eyes again for the nth time. "Ayaw kitang makasama, o makita. Naiirita

ako sa 'yo, sa mukha mo."

"Mukhang guwapo?"

"Mukhang manloloko," I fired back.

"Ayaw mo pala, eh di pumikit ka." He chuckled. Hindi ko na ulit siya tinapunan ng tingin at pinansin pa.

Hindi ko maintindihan kung bakit maraming katulad ni Leo, masyadong pa-fall. 'Yung tipong pakikiligin ang mga girls, tapos when the fire is too much to handle, magni-ninja away na. Mawawala na lang bigla na parang bula.

"Dito na lang," sabi ko. He stopped the car and I opened the door. Bumaba na ako agad. Naiinis ako sa kanya, but I don't want to be rude kaya nagpasalamat pa din ako.

"Goodnight, Tatiana!"

Hinintay ko siyang makaalis bago dahan-dahang pumasok sa bahay, iyong tipong walang tunog bawat hakbang ko. Para tuloy akong magnanakaw sa sarili naming bahay.

"Nakauwi ka na pala. Sino 'yung naghatid sa 'yo?"

Pigil hininga akong humarap kay Mama. Damn! Akala ko tulog na siya.

"M-Ma!" Alam ko, bakas ang gulat sa mukha ko. "Uh, driver po ni Vettinah," I lied.

I greeted her goodnight bago pumasok sa kuwarto. Buti na lamang at hindi na siya nag-usisa

pa. Naglinis ako ng sarili at nagpalit ng pantulog. Tapos, naalala kong silipin iyong phone ko. Naka-silent pala iyon at ngayon ko lang nakita ang text messages at missed calls ng mga kaibigan ko.

jcassandrabassig: Tatiana, nasaan ka?!
jcassandra: TATIANA CARA CORSANES!

Damn! Nakalimutan ko nga palang magpaalam sa kanila. Masyado akong nadala sa pagtatalo namin ni Leo.

tatcorsanes: I'm home, guys. Sorry!
vettinahhh: Saan ka nagso-sorry? Sa pag-iwan sa amin, o sa pagsama sa gwapo?
tatcorsanes: Sumama ang pakiramdam ko kaya hindi na ako nakapagpaalam pa.
vettinahhh: Weh?! Sumama ang pakiramdam, o sumama sa pogi dahil sa kakaibang pakiramdam?
ernishamanalo: Maharot ng taon awardee.
tatcorsanes: Tissue para sa mga taong ma-issue.
jcassandrabassig: Carrot para sa mga taong maharot pero may charot.
vettinahhh: Bread roll para sa mga taong nagbigay ng motibo para ikaw ay ma-fall.
ernishamanalo: Sitaw para sa taong ang gusto ay hindi ikaw.

jcassandrabassig: Nyenyenye! Change topic. Saan kayo pumunta, ha?

vettinahhh: talong, saging, okra, o ampalaya?

tatcorsanes: Hinatid lang ako. Lol

ernishamanalo: Nauna pa meet the parents kesa sa label? Myg! Kadirdir.

jcassandrabassig: Naol may bebe!

vettinahhh: BEBEtawan ka din niyan.

ernishamanalo: Ingat sa ghost. Ghosterist daw kapag STEM student e.

vettinahhh: Gagi! STEM tayo, hoy!

ernishamanalo: Ikr. Ghoster ka naman talaga.

vettinahhh: Paramihan ba?

tatcorsanes: Tatiana left the group.

jcassandrabassig: Can't relate. Lol

ernishamanalo: Ay, loyal ka gorl?

jcassandrabassig: Yesyesyow! Loyal ako. Loyal sa bente. Sino papalag?

vettinahhh: Shupi! Don ka na sa ABM mo. Sino na nga ulit yon? Magtoto ba? HAHAHAHHA

I decided to turned off my phone. I don't want to assume things yet. Baka ako lang din ang masaktan in the end. Sa una lang naman lahat eh. Hanggang umpisa lang sila, kasi masyado silang duwag para tapusin hanggang dulo.

I let out a deep sigh as I closed my eyes, and tried to sleep.

7

I was already late. Well, I still had few more minutes before the meeting de avance starts. Pero kahit na. Nakakahiya pa rin, lalo na at isa ako sa mga candidates.

I picked up my pace and almost bumped into someone. Ito iyong moment na lagi kong nababasa sa mga novels at napapanood sa mga movies. Iyong you bump into a cute dude and then boom! May potential boyfriend ka na.

"Tatiana?"

My eyes widened as I saw his familiar face.

"Oh, bistro boy. The vocalist," gulat at may pagkamangha kong sabi.

He smirked. "Glad you remembered me," he said between his smirks. "Sorry! Nag-away ba kayo n'ung boyfriend mo?"

"Uh, no!" agad kong tanggi sakanya. "I mean, he's not my boyfriend. Sorry nga pala sa inasal niya that night."

"Really?"

I nodded. "I don't want to be rude, pero nagmamadali kasi talaga ako eh." I looked at my wristwatch. *Five more minutes, Tat.*

"Okay then. See you when I see you," he said.

Nagpaalam na ako at mabilis na tumakbo papunta sa *St. Rose Hall*, kung saan gaganapin ang meeting de avance for seniors.

"Miss!"

I stopped, and irritatedly faced the person who called me. Of course, it's no other than our school guard slash feeling principal.

"Manong naman eh," pagmamaktol ko.

"Ang I.D. sinusuot, hindi hinahawakan," he lectured. "Isuot mo muna bago ka pumasok," utos niya sa akin.

"Manong, naiwan ko po 'yung strap ko."

"Hindi ka puwedeng pumasok. Sumusunod lang ako sa rules and regulations, pasensya na."

"Manong, naiwan ko po talaga 'yung strap ko!" inis kong paliwanag. Kung babalikan ko pa 'yun, maliwanag pa sa sinag ng araw na maabutan ako ng closed gate.

"May I.D naman po ako. Ang nakalagay naman po sa gate 'NO I.D., NO ENTRY' hindi naman sinabing 'NO I.D. STRAP, NO ENTRY' eh."

Ang epal naman masyado. Alam kong ginagawa niya lang ang trabaho niya, pero I have my I.D. naman for Pete's sake. Strap lang naman

ang wala!

I bit my lower lip. In any minute, magsisimula na ang campaign.

"Manong, syota ko 'yan," biglang may nagsabi.

Tiningnan kami nung guard tapos tumango na ito. Hinayaan kong hilahin ako ni Leo papasok sa loob. Ang unfair! May discrimination, may palakasan ba sa school na ito?

"Thank you! May pakinabang ka rin palang bakulaw ka."

"Galingan mo," pagbibilin niya sa akin. "Tatawanan kita kapag pumalpak ka."

"Basher!" I shouted bago lumapit sa mga kapartido ko. Abala sila sa paghahanda ng ilan sa aming campaign materials.

"Sorry, Pres! Hinarang ako ni Manong Gado eh," paliwanag ko, dahil kanina pa pala nagsimula ang kabilang partido. Muntik na akong hindi umabot dahil sa guwardiya.

"Mag-ayos na kayo, malapit na silang matapos," bilin sa amin ng isa sa mga usher.

Inayos namin ang aming sarili at ganoon din ang mga gagamitin mamaya. Inihanda din namin ang aming campaign banner, at .ppt para sa aming mga platforms.

"Thank you, Label Party! And now, let's all welcome Bida Party!" Mr. Ronald, the emcee, announced.

Pumunta kaming lahat sa gitna ng stage. I let out a deep sigh dahil parang nakakaramdam ako ng kaba, kahit sanay naman akong humarap at magsalita sa harap ng maraming tao. Nakasindi ang aircon, pero nararamdaman ko pa din ang init at ang pagtulo ng pawis ko.

"Beyond Imagination with Defined Action, Bida Party!" paninimula namin.

Some of our schoolmates cheered for us, and clapped their hands. I'm fully aware that popularity is sometimes the reason for victory. Kadalasan ay ganito ang paniniwala nila, na kapag sikat ka, mananalo ka. Kapag sikat ka, may karapatan kang lumaban. Yes, I admit that popularity is a good factor, pero iyong skills pa rin naman ang pinagbabasehan.

"Mary Aryhen Dela Cruz, Grade 11 Representative! Maliit man sa inyong paningin, madami namang kayang gawin."

"Jake Aldrin Protacio, Grade 12 Representative! Malabo man ang paningin, malinaw naman ang aking hangarin."

"Rainer Capuno! Capuno, puno ng kasipagan at kasiyahan, sa numero matalino. Capuno for Auditor!"

"Ezekiel Panganiban, maasahan kahit saan. Kapag kailangan, laging nandyan, wag nating kalilimutan, Panganiban for Treasurer!"

"Nino Pagaduan, tunay na mapagkakatiwalaan at inyong sandigan. Pagaduan for Secretary!"

"Kein Xandie Domingo, tunay na dalisay ang serbisyo. Domingo for Internal Vice President!"

"Tatiana Cara Corsanes, tapat na serbisyo, maglilingkod nang buong-buo at laging nandyan kapag kailangan n'yo. Corsanes for External Vice President!"

"Andrei Balbadores, serving with commitment and action. Balbadores for President!"

Pinakilala namin ang aming sarili bago iprisinta ni Andrei ang aming mga platforms. Napatingin ako kay Leo, who suddenly looked up and caught me looking at him. He grinned boyishly at me, and I couldn't help but to raised a brow.

The crowd cheered for us again after presenting our platforms. Pinag-isipan namin iyon nang mabuti. Ayaw naming masayang ang boto na ibibigay sa amin kaya dapat at may kuwenta at useful ang mga projects namin.

"Cassanda! Cassandra!" I shouted and ran towards their direction. Kakatapos lang ng kampanya at bukas pa ang election, kaya may oras pa kami para maglagay ng mga campaign materials sa tabi-tabi.

"Hoy, kalmahan mo, baka madapa ka. Engot ka pa naman minsan," pang-aasar ni Vettinah.

"I have good news for you, Cass!"

"Good news means lalaki?" biro niya. Her eyes widened when I gave her a nod as a response. "Oh my gosh!" she histerically exclaimed.

"Remember the vocalist sa Bistro?"

"Don't tell me...?"

"Oo! Nakita ko siya kanina sa quadrangle!"

Iniwan ko siyang kinikilig dahil tinatawag na ako sa partido. We still had a lot of things to do, like putting the banners and posters. Unexpectedly, Leo volunteered to help us.

"Ang galing mo kanina," sabi niya sa akin habang nagdidikit ng poster.

"I know," tipid kong sagot.

"Ang sungit mo naman," he chuckled a bit.

"Alam mo kung bakit?"

He smirked. "Bakit? Kasi puwet ko may rocket?"

"Because of the gravity of the earth."

He laughed and continued what he was doing. Sa totoo lang, hindi naman talaga ako ganito. Hindi ako masungit. I was just guarding my heart and my feelings. I don't want to experience the same pain like before. Ayaw ko nang maramdaman iyong pakiramdam na hindi mo alam kung bakit mo nararamdaman. Nakakatakot dumating sa point na baka pati sarili mo, mawala na.

"Tatiana," tawag niya sa akin kaya napalingon ako sa kanya.

"Gravity ka ba?"

I almost raised a brow because of his stupid question. What now?

"Bakit?"

"Kasi kahit gaano pa kataas ang lipad ko, bumabagsak pa rin ako dahil sa 'yo."

"Ew! Corny," I replied. "Tao ka ba?"

"Bakit?" Nangingiti siya, akala yata magpi-pick up line din ako.

"Wala lang. Akala ko kasi hayop ka, eh."

He laughed out loud. "Hayop sa kaguwapuhan."

"Ang yabang talaga." Bitbit ang natitirang posters ay naglakad ako palayo sa kanya.

"Oy, teka lang!" habol niya sa akin. Kinuha niya ang mga dala ko.

"Ano na naman ba?!"

"Nagugutom ako," pagpapaawa nito.

"Pake ko? Hawak ko ba bunganga mo?"

"Hindi, pero hawak mo naman ang puso ko."

He winked seductively. Tinalikuran ko siya dahil nagugutom na din ako. Wala na akong oras makipaglokohan pa sa kanya.

"May utang ka sa akin, di ba?"

Bigla akong napatigil sa paghakbang nang maalala ang tungkol doon. Oh crap! Guess I didn't have a choice but to eat lunch with this ugly creature.

8

"Where do you want to eat?" I asked.

Nandoon kami sa mall malapit sa campus. Open gate kami during lunch time, but we were only given thirty minutes to take our lunch. Buti na lang at hindi regular class ngayon, kaya maaga kaming pinalabas.

"Kahit saan," tipid niyang sagot.

I rolled my eyes. In-enumerate ko ang mga kainan na malapit sa amin. "C'mon, choose."

"Ikaw bahala, ikaw manlilibre eh."

"Ikaw bahala, ako kawawa."

He just chuckled. Nagiging center of attention na kami at may iilang napapatingin sa direksyon namin. Siguro dahil sa kasama kong bakulaw. Nandoon kami sa gitna, nagtatalo kung saan kami kakain. Para tuloy kaming mag-jowa na may LQ. Eww!

"Mamili ka na kasi! Male-late na tayo niyan."

"Ikaw, saan mo ba gusto?" He stopped walking

and looked at me, "*Mang Inasal* o sa 'kin ikasal?"

"*Greenwich* na nga lang."

He just laughed.

"Oh," I said and gave him my money. "Ikaw mag-order," utos ko.

"Bakit ako?"

"Siyempre hindi ako," I replied mockingly.

"Hindi ako marunong," maktol ni Leo. Tinaasan ko siya ng kilay at hindi nagpaapekto sa pagpapacute niya.

"Ako ang magbabayad kaya ikaw ang mag-order."

"Ako na lang magbabayad, ikaw na mag-order."

Dahil sa kakulitan niya, tinitigan ko siya nang masama at may halong pagbabanta. Naglaban kami ng tingin, bago siya sumuko ay sumunod sa gusto ko.

"Fine." He let out a deep sigh before standing up. "I'll order."

Tumayo na ito at pumunta sa counter. Hindi man lang niya tinanong kung ano ang gusto ko. Bahala siya sa buhay niya!

Medyo mahaba ang pila, for sure maiinip siya. Ang mga katulad niyang rich kid ay hindi sanay kumain sa fast food, kaya dito ko siya dinala. Gusto ko siyang inisin sana, kaso ako naman ang naiinis.

I opened my phone and decided to message my friends, baka kasi hinihintay nila ako. Kapag

kasama ko si Leo, lagi ko na lang nakakalimutang magpaalam sa barkada.

tatcorsanes: Hoy, mga pokpok, di ako sasabay.

ernishamanalo: Bakit?

tatcorsanes: Greenwich ako right now, may sinamahan lang saglit.

jcassandrabassig: Hoy, gago?! Cutting?

jcassandrabassig: Hindi ka papasok?

jcassandrabassig: Kung hindi ka papasok, hindi na din ako papasok.

vettinahhh: Pokpok, sino kasama mo?

Sumulyap ako kay Leo na nasa counter na ngayon. I almost rolled my eyes dahil nakuha niya pang makipaglandian sa cashier.

tatcorsanes: A friend?

ernishamanalo: Ulol!

jcassandrabassig: Rogelio ba?

tatcorsanes: Issue pa din?

tatcorsanes: Kumakain lang kami, nagbabayad lang akong utang sa kanya.

vettinahhh: Hoy pokpok.

vettinahhh: Kapag di jowa don't subo.

ernishamanalo: HAHAHAHAHA AWIT!

jcassandrabassig: gago!

tatcorsanes: Ang dugyot mo!

I lifted my gaze to him as he put the food on the

table. He ordered two supreme lasagnas, Hawaiian pizza, chicken and potato waves, and iced tea slush.

"Ang dami naman," reklamo ko habang itinatago ang cellphone.

"Sorry," sabi ni Leo at napakamot sa ulo. "Hindi ko alam ang gusto mo, eh."

"Bakit kasi hindi ka nagtanong!"

"Bakit hindi mo kasi sinabi?"

"Nagtanong ka ba?"

"Nakalimutan ko nga," depensa niya sa sarili. "S'abi kasi sa 'yo, ikaw na lang ang mag-order."

"Sus! Kunyari ka pa, nag-enjoy ka naman sa pakikipaglandian mo sa cashier."

"Pardon?" He chuckled. "I think we should do something about your jealousy."

"Sino'ng nagseselos?"

"You."

"I am not!" I hissed but he kept grinning like an idiot.

"Ang hirap kasi sa inyong mga babae, may kausap lang na iba, ibig sabihin, nambabae na. Masyado kayong nagpapadala sa 'tamang hinala' n'yo."

"Maghihinala ba kami kung hindi kayo gumagawa ng ikakahinala namin?"

"Wala naman kaming ginagawa, sadyang nag-iisip lang kayo nang kung anu-ano. Masyado kayong fan ni *Detective Conan*."

"Kasalanan n'yo rin! May girlfriend na kayo, pero suma-sideline pa kayo," I fired back.

"Girlfriend na kita?"

"Gutom lang 'yan," sagot ko at sinubuan siya ng madaming potato waves sa bunganga.

I started to eat my lasagna. Tahimik lang kaming kumain sa mga sumunod na minuto.

"You know," he started as he bit a slice of pizza. "I think you need some Vitamin R."

"Vitamin R?"

"Vitamin Rogelio, pampaganda 'yon at pampaalis ng kasungitan."

Humalakhak siya nang makailag sa ibinato kong table napkin.

"Ang sungit-sungit mo kasi. Can't we just be friends?"

Umirap ako. "Ayoko nga."

"So you want more than that, huh?" Muntik ko nang maibuga ang kinakain ko dahil sa tanong na iyon. "Look, I'm sorry. Kung ano man 'yung rason ng pagtatalo natin. Let's end this. Let's be friends," he suggested.

"Tara na," I said, ignoring what he said. Nauna na akong maglakad at nararamdaman ko naman ang agad na pagsunod niya sa akin. Nilakihan niya ang bawat hakbang upang makasabay sa akin.

"Uy, sorry na kasi," pangungulit nito. Binilisan ko ang paglalakad dahil malapit na kaming

maabutan ng pagsasara ng gate.

"Ihahatid na kita."

"May paa ako, kaya kong mag-isa."

"I know, pero aanhin mo pa 'yang mga paa mo kung hindi ka din naman lalakad sa altar kasama ako?"

"Ewan ko sa 'yo!" singhal ko. Masyado siyang madaming baon na banat, at masyado na ring nagwawala ang puso ko.

"Ihahatid na kita," pursigidong sabi ni Leo kaya hinayaan ko na lang. Magkaiba kami ng building; sa St. Rose Building ako, at siya naman ay sa San. Pedro Calungsod Building.

"Leo!" I shouted before entering the room. Nararamdaman ko na ang malalagkit at naiintrigang tingin ng mga kaklase ko. Ang ilan ay kinikilig habang ang ilan naman ay naiinggit.

"Miss mo na ako agad?" Natatawang bumalik siya sa kinatatayuan ko.

"Kawawa ka naman, sige na nga."

"Ha?"

"Oo na, payag na nga ako."

"Hakdog!"

Inirapan ko siya at akmang papasok na, pero pinigilan niya ako at hinawakan sa kamay.

"Magkaibigan na tayo?" he asked and I nodded. "Hindi mo na ako aawayin?"

"Ang kulit mo naman, 'wag na nga!" I hissed.

He laughed. “Uy, biro lang.” Ngumiti siya at nag-peace sign sa akin.

“Okay. Let’s be friends.” He offered his hand, and I gladly accepted it. “Let’s be friends for now.” Mahina iyong pagkakasabi niya nung huling sentence, pero tamang-tama lang para marinig ko.

I let out a deep sigh. Tama lang ba ang ginawa ko? Tama ba na hinayaan ko siyang pumasok sa buhay ko?

I’m afraid of the thought that he might hurt me, someday.

9

"Nothing happened, okay? Kumain lang talaga kami. That's it," I explained.

Pilit nilang inuusisa kung ano ang nangyari kahapon. They were concluding that something happened between me and Leo. They were accusing me, tinatago ko lang daw ang totoo at ayaw sabihin sa kanila.

"Feeling ko talaga, crush ka niya," Cassandra concluded.

"Nope. Were just friends."

To be honest, natatakot ako everytime na may bagong tao na pumapasok sa buhay ko. I have trust issues and sometimes iba ang mindset ko like maybe it is better to be alone, because you are more assured that no one would hurt you. But sometimes, I also like the feeling na alam mong may taong interesadong makinig sa 'yo, sa mga rants mo at mga kalokohan.

"Para sa 'yo, friends lang. How about for him? What if he likes you?"

What if. Punung-puno tayo ng 'what if' sa buhay natin and those 'what if's' are sometimes the reason why we get hurt. We were expecting something na akala natin posibleng mangyari, but at the end of the day, lahat ng what if's natin ay nanatiling what if's lang.

I realized how important it is to control one's mind. To only feed your mind with good things, no more doubts and what if's. Kasi tayo lang din ang gumagawa ng way para masaktan 'yung sarili natin. Sad to say pero duwag ako, takot masaktan. But as time goes by, I also realized that pain is part of our lives. What hurts us today, makes us stronger tomorrow.

"Change topic," pagsabat ni Vettinah sa usapan. "Pustahan na lang tayo."

"Anong kalokohan na naman ba 'yan, Vettinah?" Cassandra asked while glancing at her wristwatch.

"Trust me with this one," pangungumbinsi pa nito sa amin. We nodded, and she clapped her hands as a sign of victory.

"Anong oras na ba?"

"Hindi ko alam."

"May relo ka pero hindi ka marunong tumingin ng oras?"

"Crush mo nga may mata, pero walang pagtingin sa 'yo," she fired back.

We all laughed because of that. "Itapon mo na

'yan, Cassandra."

"11:11 na, at wala ka pa ring jowa!"

"Whatever," Vettinah dramatically rolled her eyes. "Pustahan tayo kung papasok si Prof. Evangelista," maloko nitong anyaya sa amin.

"Papasok 'yon, pero uubusin niya oras niya sa kakasermon," natatawang sagot ni Cassandra, which is partly true. Minsan na nga lang ito pumasok, pero imbis na magturo ay pinapagalitan niya kami hanggang maubos ang oras.

"Hindi naman 'yon pumapasok," singit ko naman. Bilang lang din talaga ang araw na pumapasok ang teacher na iyon. Mukhang may sarili siyang schedule, kaya kapag exam ay nahihirapan kaming manghula sa sagot.

"Papasok 'yon, ten minutes bago bell," sabi naman ni Ernisha.

"Papasok 'yon. Late lang kasi mabagal umakyat," kampanteng pahayag ni Vettinah.

Halos mapunit ang labi ng huli when our lazy prof entered the room. She was complaining again dahil makalat daw, maingay, maalikabok, etcetera.

"Prepare for a graded recitation," panimula nito sa klase bago umupo. Nagkatinginan kaming magkakaibigan, at ang ilan naming kaklase ay umaalma.

"Stop complaining! Matatanda na kayo, dapat kaya n'yong sagutin ito."

"Ma'am, tungkol po saan?"

Saglit itong sinulyapan ni Ma'am. "Lahat ng na-discuss natin."

"Hindi ka pa nga nagdi-discuss," one of my classmates whispered. Palihim kaming natawa, dahil medyo totoo iyon.

Inilabas ni Ma'am ang kanyang index cards at bumunot doon. Iyon ang nakakatakot, dahil para kaming nasa isang raffle show.

"Viztan," she called. Napamura na lamang sa gulat ang tinawag bago tumayo. Palihim kasi itong naglalaro nang *Mobile Legends* sa ilalim ng lamesa.

"What is good in goodbye?" Naglakad-lakad ito sa loob ng classroom habang hawak ang aming mga index cards. For sure, wala na naman siyang maipagawa kaya ganito.

"Ang 'good' sa goodbye ay makakaalis ka na sa sitwasyon na ayaw mo, makakalaya ka na sa pain na kumukulong sa 'yo."

Naningkit ang mata ni Ma'am na tila hindi kuntento sa sagot ng aking kaklase. Naglakad ulit ito at muling bumunot sa index card.

"Dasalla," she called.

Mabilis namang tumayo at confident na ngumiti sa klase ang tinawag.

"What is the true meaning of happines?"

He let out a deep sigh before answering, "For

me, the true meaning of happiness is letting the people around you to choose if they would stay in your life or not."

"Your point is? Liwanagin mo, Mr. Dasalla."

"Ma'am, my point is, ang totoong kaligayahan ay hindi pinipilit. If they choose to leave you, then let it kahit masakit," sagot ng lalaki at tila hindi ulit natuwa ang aming guro.

My seatmate, Cassandra, kept on glancing at her wristwatch. "Tagal namang mag-bell," she whispered to me. Impit at palihim akong tumawa dahil doon.

"Miss Bassig!" galit na bulyaw ni Ma'am.

Cassandra bit her lower lip because of nervousness. Medyo kinabahan din ako dahil ayokong mapahiya sa klase. Nakakababa kasi ng self-confidence.

"Why do you keep on glancing at your wristwatch? Kung gusto mo nang umuwi, mauna ka na–"

Napatigil ang lahat dahil sa pagtunog ng pager. Saved by the announcement, huh?

"Announcement! To all senior high school students, please proceed to St. Rose Hall now."

Cassandra smirked. Nakaligtas ang gaga sa sermon ni Ma'am. Nagsikuhan kaming magkakaibigan at sabay-sabay na nag-thumbs up sa kanya.

"Repeat announcement. To all senior high school students, please proceed to the St. Rose Hall now."

Pilit na itinatago ng aking mga kaklase ang kanilang mumunting ngiti.

"Ang swerte mo, gago!" natatawang sabi ni Ernisha kay Cassandra.

"I know," mayabang naman na sagot ng huli.

"Good morning, Rosalimans!" pambungad na bati ng isang guro sa amin. Lahat ng SH students ay nasa loob na ng hall.

"Are you excited to know the list of your newly elected officers?"

Naghiyawan ang mga estudyante. Inilibot ko ang aking mga mata; may hinahanap ito. Alam kong hinahanap ng paningin ko si Leo, ayaw ko lang aminin sa sarili ko.

"Wala dito 'yung hinahanap mo," mapang-asar na bulong ni Vettinah.

"Gago, di ko naman hinahanap si Leo."

They laughed. "Wala naman kaming sinasabi na si Leo ang hinahanap mo," pang-aasar pa nila. I just rolled my eyes and tried to focus my attention on the stage. Mabuti na lang at nagsimula nang mag-announce si Sir, kaya tinigilan na nila ang pangungulit sa akin.

"Let us congratulate our new sets of officers."

Tinawag ang lahat ng mga nanalo sa eleksyon. At swerte isa ako sa mga iyon!

They all cheered for us, umakyat kami sa stage at nagpasalamat. This is it, hindi ko sasayangin 'yung tiwalang ibinigay nila sa akin, sa aming mga nanalo.

"Congratulations to all the newly elected SSG officers. Wishing you all a great experience."

10

We sang along to the band and dance along the beat. Everyone in the crowd seemed to be enjoying the moment. Nag-uunahan sa pag-indayog ang aming mga balakang at halos mapunit na ang aming lalamunan dahil sa pasigaw na pagkanta.

Nandoon ulit kami sa Bistro. As usual, ipinaalam ako ni Vettinah kay Mama, at sinabing may kailangan kaming tapusin na requirements. I don't want to lie but I had no choice. Kung hindi kami magpapalusot, hindi ako papayagang lumabas.

We decided na bumalik na sa table namin. I removed my denim jacket before sitting on the couch. My friends did the same.

"Grabe, ang wild nila!" I exclaimed amusingly. Ganito pala ang pakiramdam ng may nightlife, masaya at masarap sa pakiramdam.

"True 'yan, tapos ang dami pang pogi!"

"Pokpok ka talaga, beh!" bintang ni Cassandra

kay Vettinah. We all laughed before drinking the last shot.

"Marupok lang ako pero hindi ako pokpok," she replied with a wink.

"Oy, order na ulit kayo," utos ni Cassandra matapos tunggain ang natitirang patak sa bote ng *Black Label*. Sa aming apat, siya lang ang hindi naka-mini.

"Mag-ambagan muna tayo, mga tanga," Vettinah said. "Ang lalakas n'yong uminom, kuripot naman kayo sa ambagan."

"Wow ha!" sumbat ni Ernisha. "Nagsalita 'yung malakas mag-aya sa inuman, pero weak naman."

"At least hindi katulad ni Tatiana," turo nito sa akin. "Excited magplano, pero di naman pupunta."

"Boom, tokisss!"

"T*ngina n'yo, ako na. Libre ko na," I said before putting my money on the table. Tumawa ang mga kaibigan ko at nag-apiran dahil nakalibre na naman sila. Mukhang nabudol-budol ako.

Nag-usap-usap sila kung anong alak ang oorderin.

My phone kept vibrating so I looked at it, and saw my mother's name on the screen. "Tumatawag si Mama, si-CR lang ako," paalam ko sa kanila. Mabilis ang mga hakbang na ginawa ko ngunit masyadong crowded kaya nahirapan akong makalagpas sa dance floor. I can't answer the call

there, baka mabuking ako.

I decided to message her instead of answering the call. Sinabi kong hindi ko agad napansin ang tawag niya, dahil abala kami sa pagtipa ng research paper.

"I'm sorry," I apologized when I suddenly bumped into someone.

Si bokalista ulit.

He chuckled. "Nakatadhana ba na lagi tayong magtagpo unexpectedly?"

"Nagkataon lang siguro."

"Lagi ako dito sa Bistro, pero parang ngayon lang kita napansin." He's obviously hitting on me.

I bit my lower lip. Lagot ako kay Cassandra, baka isipin niyang inaagawan ko siya. Sabagay, marami naman siyang reserba.

"Pangalawang beses ko pa lang dito."

"So you're not alone?"

"I'm with my friends." Itinuro ko ang table namin na medyo natatakpan ng mga naghaharutan sa dance floor.

"Friends and boyfriend?" he asked. Kunwari pa siya, halata namang gusto niya lang malaman kung may boyfriend ako o wala.

"I don't have one," sagot ko at tinitigan siya. He has tan skin that suited his rock hard, ripped body. He had messy hair, deep expressive eyes that will make you stare at him, thin reddish lips,

that pointy nose, and strong jaw that every girl couldn't resist.

"Oh?" sabi niya na tila hindi naniniwala sa akin. "I thought you're with him. Nakita ko kasi siya kanina, sa labas ng Bistro."

"Who's him?"

"Your possessive boyfriend," he answered. "Na muntik akong sapakin."

"I already told you he's not my boyfriend."

His lips slowly formed an amused smile. "Gusto mo ulit mag-perform?" I like his aura because he's always smiling. Magaan sa pakiramdam, at parang komportable ako.

"Depende," I answered.

"Regular kami dito, sabihan mo 'ko kapag gusto mo ulit."

"Pag-iisipan ko pa."

He chuckled sexily. "Hindi na dapat pinag-iisipan 'yon." Tumigil siya saglit upang batiin ang ilang kakilala niya. He's too friendly and approachable. "Grab mo na agad."

Mabilis kaming nagkasundo. He's easy to get along with, and we almost have the same interests and mindset.

"Tara doon," aya niya sa akin at itinuro ang table nila. "I'll introduce you to my friends."

"Are you sure?" I asked.

"Why wouldn't I?" I gave him a nod and he

chuckled sexily. He led the way papunta sa table nila.

"Ay awit, may babae na agad."

"Naol malandi."

"Nakabingwit na naman, hanep."

"Basta vocalist, matulis!"

His friends were obviously teasing him when they saw us together walking towards them. He just laughed at them. Judging by the way they talk, mukhang solid din kasama ang mga ito.

"Tatiana, meet my friends, Romuel, Eco, Jam, Joshua, Yorme, and Kero," pagpapakilala niya at saka isa-isang itinuro ang mga ito.

They welcomed me. We sat on the couch, and they started talking about different stuff. They were nice, never kong na-feel na hindi ako belong. They didn't leave me out of the conversation.

He invited me to dance, at agad ko 'yung tinanggap.

I was busy dancing and swaying my hips when he suddenly held my waist. Lumapit siya sa akin at bumulong, "Kung nakakalusaw lang ang tingin, kanina ka pa lusaw." He chuckled a bit. "At kung nakakatamay lang ang tingin, kanina pa ako pinaglalamayan."

Naguguluhan man ay sinundan ko na lamang ang sinusulyapan ng kanyang mapupungay na mata.

My jaw dropped when I saw Leo at the bar, looking darkly at us, his jaw clenching.